

Kalakip A

### **Sheppard Pratt –**

#### **Patakaran sa Tulong Pinansyal para sa Pasyente – Buod sa Simpleng Wika**

Ang Sheppard Pratt ay nakatuon sa pagkakaloob sa mga pasyente ng pinakamataas na kalidad ng pangangalaga at mga serbisyo. Upang tulungan ang aming mga pasyente, at upang sumunod samga batas Pederal at Pang-estado ng Maryland, iniaalok ng Sheppard Pratt ang sumusunod na impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansyal (Financial Assistance Policy, FAP) nito.

#### **Pagiging Karapat-dapat para sa Tulong Pinansyal**

Sa ilalim ng Sheppard Pratt FAP, ang ilang mga pasyenteng walang insurance at kulang sa insurance ay maaaring maging karapat-dapat na makatanggap ng tulong pinansyal para sa gastusin sa mga serbisyong pang-emerhensya at medikal na kinakailangang serbisyo. Ang ilang serbisyo ay hindi kasama, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga elektibong serbisyo, (mga) Programa sa Edukasyon, ang Retreat, at ang Ruxton House, pati narinang anumang pantulong na serbisyo na may kaugnayan sa mga nabanggit na kategorya. Bukod pa rito, ang populasyon ng Quaker ay maaaring maging karapat-dapat para sa hiwalay at/o karagdagang tulong sa ilalim ng hiwalay na Quaker Financial Assistance Policy ng Sheppard Pratt.

Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansyal sa ilalim ng FAP ay hindi sisingilin nang higit pa para sa pang-emerhensiya o medikal na kinakailangang pangangalaga kaysa sa halagang karaniwang sinisingil sa mga pasyenteng may insurance. Ang pagiging kwalipikado ay batay sa kabuuang kita ng pamilya at laki ng pamilya ng pasyente at/o responsableng tao. Ang gagamiting pamantayan sa taunang kita ay 300% ng kasalukuyang mga pederal na patnubay sa kahirapan na itinatatag taun-taon sa Federal Register.. Ang mga Asset and liability ay dapatisasaalang-alang din. Maaaring ipagkaloob ang tulong pinansyal hanggang sa 100% ng mga medikal na singil.

#### **Pag-apply para sa Tulong Pinansyal**

Ang mga pasyenteng humihingi ng tulong pinansyal ay dapat magkumpleto ng isang application form at ibigay ang mga sumusuportang dokumentong hinihiling sa FAP at application form. Ang isang libreng kopya ng FAP at ng application form ay makukuha mula sa alinman sa mga sumusunod:

|                         |                                                              |                         |
|-------------------------|--------------------------------------------------------------|-------------------------|
| <b>Numero:</b> HS-130.4 | <b>Titulo:</b> Tulong Pinansyal - Patient Financial Services | <b>Pahina:</b> 11 ng 12 |
|-------------------------|--------------------------------------------------------------|-------------------------|

|                                                                                                                                                                                                                                                                                                                            |                                                                                                                                                                                                                                                                                                      |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
| <ul style="list-style-type: none"> <li>• Personal: Anumang lokasyon o opisina ng pagpaparehistro ng pasyente</li> <li>• Website: <a href="http://www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/">www.sheppardpratt.org/patient-care-and-services/resources/financial-support/</a></li> </ul> | <ul style="list-style-type: none"> <li>• Pagsulat: Sheppard Pratt<br/>Attn: Financial Assistance<br/><br/>849 Fairmount Avenue<br/>Towson MD 21286-2624</li> <li>• Telepono: (410) 938-3370 (Local)<br/>(800) 264-0949 (Walang bayad)<br/><br/>Lunes-Biyernes, 8:00am<br/>hanggang 3:00pm</li> </ul> |
|----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|

Para mag-iskedyul ng appointment para sa tulong sa application form, maaaring makipag-ugnayan ang pasyente sa isang kinatawan ng Sheppard Pratt sa numero ng teleponong nakalista sa itaas o bisitahin ang Conference Center sa Sheppard Pratt. Ang mga pagsasalin ng FAP, ng application form, at ng buod na ito sa simpleng wika ay makukuha sa sumusunod na wika kapag hiniling: Espanyol. Para sa iba pang mga wika, maaaring makakuha ng tulong sa pagsasalin kapag hiniling.

### **Mga Karapatan ng Pasyente**

Ang mga pasyenteng nakakatugon sa pamantayan ng patakaran sa tulong pinansyal na inilarawan sa itaas ay maaaring makatanggap ng tulong mula sa ospital sa pagbabayad ng kanilang bayarin. Kung naniniwala kang mali ang pagkaka-refer sa iyo sa isang collection agency, may karapatan kang makipag-ugnayan sa tanggapan ng negosyo ng Sheppard Pratt sa 410-938-3370 o tumawag nang walang bayad sa 1-800-264-0949..

Maaari kang maging karapat-dapat para sa Maryland Medical Assistance. Ang Tulong Medikal ay isang programang magkasamang pinopondohan ng mga pamahalaang Pang-estado at Pederal at binabayaran nito ang buong halaga ng saklaw ng kalusugan para sa mga indibidwal na may mababang kita na nakakatugon sa ilang partikular na pamantayan. Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin mong mag-apply at matanggihan sa saklaw na ito bago maging kwalipikado para sa tulong pinansyal ng Sheppard Pratt..

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa Maryland Medical Assistance, mangyaring tawagan ang inyong lokal na Department of Social Services sa teleponong 1-800-332-6347 o sa pamamagitan ng internet. ([www.dhr.state.md.us](http://www.dhr.state.md.us)).

### **Mga Obligasyon ng Pasyente**

Para sa mga pasyenteng may kakayahang magbayad, obligasyon nilang magbayad sa tamang oras. Ginagawa ni Sheppard Pratt ang lahat ng pagsisikap upang matiyak na ang mga account ng pasyente ay maayos na sinisingil, at maaaring asahan ng mga pasyenteng nasa ospital na makatanggap ng pare-parehong buod ng statement sa loob ng 30 araw mula sa paglabas ng ospital. Responsibilidad ng pasyente na magbigay ng tamang impormasyon tungkol sa insurance.

Kung wala kang pagsaklaw sa kalusugan (health coverage), inaasahan naming babayaran mo ang singil sa tamang oras. Kung naniniwala kang maaaring karapat-dapat ka sa ilalim ng Sheppard Pratt FAP, o kung hindi mo kayang bayaran nang buo ang singil, dapat kang makipag-ugnayan sa amin gaya ng nabanggit sa itaas.

Kung hindi mo matutugunan ang mga obligasyong pinansyal sa iyong bill, maaari kang i-refer sa isang collection agency. Obligasyon ng pasyente na tiyaking nakakakuha ang ospital ng tumpak at kumpletong impormasyon. Kung magbago ang iyong pinansyal na posisyon, obligado kang makipag-ugnayan sa Sheppard Pratt upang magbigay ng na-update na impormasyon.

Ang mga doktor na nangangalaga sa mga pasyente sa Sheppard Pratt, inpatient man o outpatient, ay naniningil nang hiwalay at ang kanilang mga singil ay hindi kasama sa billing statement ng iyong ospital.

Lahat ng pasyente ay maaaring humiling at makatanggap ng nakasulat na pagtatantya ng kabuuang singil para sa mga serbisyo, procedure, at suplay na hindi pang-emerhensya na makatwirang inaasahang ibibigay at sisingilin ng Sheppard Pratt. Sa lawak na pinahihintulutan ng batas at alinsunod sa mga patakaran ng Sheppard Pratt, maaaring kasama sa mga singil ang, ngunit hindi limitado sa, bayad sa pasilidad para sa paggamit ng mga pasilidad, klinika, suplay at kagamitan ng ospital para sa mga outpatient, at mga serbisyo ng hindi doktor (tulad ng mga clinician na hindi doktor).